Government of **Western Australia**
**School Curriculum and Standards Authority**

# Proseso ng pagiging karapat-dapat (eligibility) sa Ingles bilang Karagdagang Wika o Diyalekto (EAL/D – English as an Additional Language or Dialect) para sa pag-enrol sa Year 12

Ang kursong EAL/D ATAR ay makukuha ng mga mag-aaral na nagsasalita ng Ingles bilang Karagdagang Wika o Diyalekto, at ang kanilang paggamit ng Pamantayang Australyanong Ingles (SAE - Standard Australian English) ay limitado.

Ang mag-aaral sa Year 12 ay maaari lamang mag-enrol sa kursong EAL/D ATAR kung naaprubahan sa pagiging karapat-dapat ng School Curriculum and Standards Authority (ang Awtoridad). Upang ma-aprubahang mag-enrol, dapat kumpletuhin ng mag-aaral ang online na aplikasyon sa pagiging karapat-dapat at isumite sa Awtoridad sa petsang inilathala, kasama ang kinakailangang mga sumusuportang dokumento. Ang mga takdang petsa para sa pagsusumite ng mga aplikasyon ay matatagpuan sa pahina ng EAL/D sa website ng Awtoridad na https://senior-secondary.scsa.wa.edu.au/syllabus-and-support-materials/english/english-as-an-additional-language-or-dialect.

Upang makumpleto ang online na aplikasyon, ang estudyante ay kailangang gumamit ng kompyuter, sa bahay man o sa paaralan. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, hilingin sa guro ng EAL/D ng iyong anak o sa administrasyon ng paaralan na tulungan ka.

### Limang hakbang sa online na proseso ng pagiging karapat-dapat sa EAL/D

Hakbang 1: Mag-log in sa portal ng mag-aaral https://studentportal.scsa.wa.edu.au
Hakbang 2: Simulan ang aplikasyon sa pagiging karapat-dapat sa EAL/D
Hakbang 3: I-upload ang mga sumusuportang dokumento
Hakbang 4: Isumite ang aplikasyon para sa pagiging karapat-dapat sa EAL/D
Hakbang 5: Tingnan ang portal ng mag-aaral upang malaman ang kinalabasan ng proseso ng aplikasyon sa pagiging karapat-dapat

### Kinakailangang Impormasyon

Ang mag-aaral ay kailangang magbigay ng sumusunod na mga detalye:

- bansa ng kapanganakan
- petsa ng pagdating sa Australya
- bansa ng kapanganakan - ina at ama (o (mga) tagapag-alaga)
- mga bansa na dating tinirhan
- nasyonalidad
- mga wikang sinasalita sa bahay
- mga detalye ng mga paaralang pinasukan ng mag-aaral para sa bawat taon ng paaralan mula sa kindergarten

### Mga sumusuportang dokumento

Ang mag-aaral ay kailangang magbigay ng mga kopya ng sumusunod na mga dokumento:

- pahina ng pagkakakilanlan sa pasaporte
- petsa ng entry stamp o visa **o**
- (mga) tala ng pagbiyahe sa ibang bansa
- (mga) ulat ng paaralan

303 Sevenoaks St CANNINGTON WA 6107
PO Box 816 CANNINGTON 6987
Telephone (08) 9273 6300
info@scsa.wa.edu.au www.scsa.wa.edu.au
ABN:51367968690

2019/43142

Kailangang i-save ng mga mag-aaral ang mga sumusuportang dokumento sa kanilang kompyuter o mobile device bilang mga file na **.pdf**, **.jpg**, **.jpeg** o **.png**, na may maximum size na **4MB** para sa bawat file. Ang mga dokumento na nasa **Word** ay hindi tatanggapin.

Para sa karagdagang impormasyon o suporta, mangyaring makipag-ugnay sa guro sa EAL/D ng inyong anak o sa administrasyon ng paaralan o kay Louise Dodman, Pangunahing Tagapayo — EAL/D sa louise.dodman@scsa.wa.edu.au o sa 9273 6785.



303 Sevenoaks St CANNINGTON WA 6107
PO Box 816 CANNINGTON 6987
Telephone (08) 9273 6300
info@scsa.wa.edu.au www.scsa.wa.edu.au
ABN:51367968690